Walk
with
me

# Magkakasama sa Misyon

WEEK 3

## WARM-UP

- Sino ang mga taong pinaghuhugutan mo ng lakas ng loob? Magbahagi ng halimbawa na nagpapakita nito.
- May mga pagkakaibigan ka bang tumagal na ng maraming taon? Sa tingin mo, paano kaya ito nangyari?
- Ano ang gusto mo sanang gawin hanggang sa oras ng iyong kamatayan? Bakit?

## WORD

*44 Pagkatapos, sinabi niya sa kanila, "Sinabi ko na sa inyo noong magkasama pa tayo na kailangang matupad ang lahat ng nasusulat tungkol sa akin sa Kautusan ni Moises, sa mga isinulat ng mga propeta at sa mga Salmo." 45 At binuksan ni Jesus ang isip nila upang maunawaan nila ang Kasulatan.* **LUCAS 24:44–45**

Sa mga panahong ito, tatlong taon nang naglalakbay ang mga disipulo kasama si Jesus. Nakakita na sila ng sunud-sunod na himala at maraming taong naligtas. Pagkatapos ay inaresto na si Jesus, namatay, at nabuhay muli. Isa nga talaga itong nakakabaliw na paglalakbay. Dumating si Jesus tulad ng sinabi ng mga propesiya sa Kasulatan at tinupad ang lahat ng plano ng Ama upang maligtas ang sangkatauhan. Ngunit dahil aakyat na si Jesus sa langit, ang tanong ay itutuloy ba ng mga disipulo ang Kanyang gawain? Sa araw na ito, tingnan natin ang matututunan natin sa mga huling salita ni Jesus kay Pedro at sa iba pang mga disipulo tungkol sa kung paano nila maipagpapatuloy ang kanilang paglalakbay sa pagdidisipulo at manatili sa misyon ng magkakasama.

## 1 Tayo ay mga tagatanggap ng biyaya ng Diyos.

*[45]At binuksan ni Jesus ang isip nila upang maunawaan nila ang Kasulatan. [46]Sinabi niya sa kanila, "Ayon sa Kasulatan, kailangang magtiis ng hirap at mamatay ang Cristo ngunit muling mabubuhay sa ikatlong araw."* **LUCAS 24:45–46**

Bilang mga tagasunod ni Jesus, ang mga disipulo ay isa sa mga unang nakatanggap ng gawain ni Jesus—ang Kanyang mga turo, ang Kanyang kapatawaran, ang Kanyang mga himala. Pagkatapos ng pagsama nila sa Kanya ng tatlong taon, nabuksan na Niya ang kanilang mga isipan at sa wakas ay nakita na nila at nasaksihan na lahat ng sinabi sa kanila ni Jesus ay nagkatotoo. Ang kaligtasan ng sangkatauhan ay narito na, at sila ang unang saksi ng biyayang ito na nagbibigay ng kaligtasan. Ngayon, ang mga mananampalataya ay nakakatanggap na rin at nakakasaksi ng biyayang ito sa ating mga buhay at sa buhay ng mga kasama natin sa paglalakbay. Matapos mong tanggapin ang biyaya ni Jesus na nakakapagligtas, paano nagbago ang buhay mo?

## 2 Tayo ay mga mensahero ng biyaya ng Diyos.

*[47]"At dapat ipangaral sa buong mundo, mula sa Jerusalem, na sa pamamagitan niya'y patatawarin ng Diyos ang nagsisisi sa kanilang mga kasalanan. [48]Kayo ang mga saksi sa mga bagay na ito."* **LUCAS 24:47–48**

Higit pa sa pagtanggap ng Kanyang biyaya, tinawag ang mga disipulo upang ihayag kung sino si Jesus at kung ano ang Kanyang nagawa sa kanila, para sa kanila, at sa pamamagitan nila. Ganito rin sa atin. Tayo na napatawad, naipagkasundo sa Kanya, at naibalik sa tamang ugnayan sa Kanya ay binigyan ng espesyal na pribilehiyong ipaabot ang biyayang ito sa iba. At ginagawa natin ito hindi lamang dahil sa obligasyon natin ito kundi dahil itinutulak tayo ng pagmamahal ni Cristo na ibahagi

kung sino Siya sa mga minamahal at iniingatan natin sa buhay at pati na rin sa iba pang bahagi ng mundo (2 Corinto 5:14). Sino ang nagbahagi ng mensahe ng biyaya ng Diyos sa iyo? Paano niya ito ginawa?

## 3 Ipinadala tayo kasama ang presensya ng Banal na Espiritu.

*"Isusugo ko sa inyo ang Banal na Espiritung ipinangako ng Ama, kaya manatili muna kayo rito sa Jerusalem hanggang sa dumating sa inyo ang kapangyarihan mula sa langit."* **LUCAS 24:49**

Ito ang mga huling salita ni Jesus sa mga disipulo Niya bago Siya umakyat sa langit. Dahil hindi na nila Siya pisikal na makakasama, ipinadala Niya ang Banal na Espiritu—ang ipinangako ng Ama—para makasama ang Kanyang mga disipulo habang ipinagpapatuloy nila ang Kanyang gawain. Ang Banal na Espiritu ay nananahan sa mga taong ibinukod ng Diyos para sa Kanyang sarili. Siya ang katiyakan at nagbibigay ng kakayahan upang magawa natin ang misyon na tinawag tayo ng Diyos na gawin nang magkakasama. Sa pamamagitan ng presensya ng Banal na Espiritu sa ating mga buhay, nagagawa nating maging mga mesahero at saksi Niya sa mundo. Paano tayo natutulungan ng Banal na Espiritu na mamuhay ayon sa ating pagkakakilanlan at sa tawag na mayroon tayo kay Cristo? (Juan 14:15–17, 26)

## APPLICATION

- Tinawag tayo ni Jesus na ipahayag kung sino Siya at kung ano ang ginawa Niya sa mundo. Ano kaya ang mga hadlang na maaari mong harapin sa paggawa nito? Anong mga praktikal na hakbang ang maaari mong gawin upang malampasan ang mga ito?
- Sa anong mga paraan ka namuhay nang hindi umaasa sa Espiritu? Paano mo kaya maipapakita ngayong linggo ang pagsalalay mo sa Banal na Espiritu?
- Sino ang sinasabi sa iyo ng Diyos na bahagian mo ng ebanghelyo ngayong linggo. Mangakong ipagdarasal mo siya at maglaan ng panahon upang makipagkita sa kanya.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Panginoon sa pagpapakita Niya sa iyo ng biyaya sa pamamagitan ni Jesu-Cristo, sa kagustuhang makasama ka, at sa pagbibigay Niya sa iyo ng kakayahan sa pamamagitan ng presensya ng Banal na Espiritu.
- Humiling sa Diyos ng mga pagkakataong maipakilala Siya sa iyong pamilya at mga kaibigan. Manalangin na maging handa ang kanilang mga puso upang tanggapin Siya.
- Ipanalangin na gamitin ka ng Diyos upang makatulong sa iba, kahit sa mga taong hindi mo gusto, para makilala nila Siya. Humingi sa Kanya ng awa, pasensya, pagmamahal, at kagalakan habang nakikipag-ugnayan ka sa iba.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2024 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Leonardo Angcajas Jr., Chrysse Manuel-Pili

victory.org.ph